
（TAGALOG/タガログ語版）　Ｎｏ．95

KIAN
KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION NEWS

KUMUSTA KAWASAKI
Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City


# Ipinagbawal:pag-iwan ng bisekleta sa istasyon ng Kuji



(283)　　（久地駅周辺の自転車放置禁止区域）

Mahigpit na ipinagbababawal ang pag-iwan at pagpapabaya ng bisekleta sa paligid ng istasyon ng Kuji mula ika-1 araw ng Marso. Dahil dito ipinapakiusap ang paggamit ng nakalaang parking para sa mga bisekleta.

Sa mga lugar kung saan ipinagbababawal ang pag-paparke ng bike, may mga bicycle-parking space at nakatalagang tagapamahala nito kung saan mapapakinabangan ng may bayad. 80 yen minsan/isang araw para sa bisekleta at para sa motorsiklo ay 100 yen.



Kukolektahin o tatanggalin ang mga pinabayaang bisekleta at mga motorsiklong matatagpuan sa lugar na ito at pansamantalang itatambak sa isang lugar hanggang ito ay i-claim ng may-ari sa loob ng isang buwan. Paglampas ng palugit, ito ay maaaring itapon o I-recyle ng walang abiso.

Inaasahan ang kooperasyon ng lahat at para sa detalye, tumawag sa opisina ng Construction Bureau for Bicycle Policy: 044-200-2303.

# Pagpapalit ng metro ng tubig


(284)　　（水道メーターの取り替え）


Ayon sa batas na tinatawag na measurement law, ang bawat tahanan ay nangungupahan ng kuntador o metro mula sa Departamento ng Panubigan(Waterworks Department). Ito ay obligadong pinapalitan minsan sa loob ng 8 taon.


Ang mga tahanang kabilang sa mga papalitang metro ay padadalhan ng Abiso o paalala at dadalawin o pupuntahan ng manggagawang itinalaga ng Departamento ng Panubigan.

Ang pagpapalit nito ay libre kung kayat inaasahan ang kooperasyon ng bawat mamamayan. Mangyari po lamang na suriin o tingnan kung ang dadalaw sa inyong tahanan ay nagtataglay ng armbadge na nagpapatunay ng pagiging manggagawa ng departamento.


Sa iba pang detalye at katanungan, tumawag sa Department of Waterworks, Water Supply Equipment Center 044-544-6702.







(285) # Konsiyerto sa Organo
オルガンコンサート



「Karagdagang Liksyon sa Organ sa taong 2007, Espesyal para sa mga magulang at anak nitong bakasyon ng Tagsibol」ay gaganapin sa ika-24 araw ng Marso, Sabado sa Muza Kawasaki Symphony Hall. Inaanyayahan ang lahat na manood at makinig sa iba't ibang tema ng masasayang tunog ng mga hayop na tatanghalin sa pamamagitan ng organo at percussion instruments.

Tatlong Organisto ang magpapalit-palit sa pagtalakay ng tungkol sa nakakaakit na katangian ng musika at ng organo. Mayroon ding bahagi kung saan maaaring lumahok at makisabay sa pag-awit.

Halina't sumali sa pagbuo ng magandang alaala para sa Spring Vacation ng Muza Organ Concert.


Makipag-ugnayan sa Muza Kawasaki Symphony Hall:　044-520-0200.

# Kurso ng Nihonggo sa taong 2007

*Halina't mag-aral ng masaya at kapaki-pakinabang na Wikang Hapon*


## Pang-gabing Kurso (Miyerkoles 18:30～20:30)





Ⅰ　Abril/11 hanggang Hulyo/17
　¥ 6,500 (labintatlong (13) beses)
Ⅱ　Septyembre/5 hanggang Disyembre/12
　¥ 7,500 (labinlimang (15) beses)
Ⅲ　Enero/16 hanggang Marso/12
　¥ 4,500 (sampung (9) beses)

## Pang-umagang Kurso (Martes at Biyernes 10:00～12:00)





Ⅰ　Abril/24 hanggang Hulyo/13
　¥ 11,000 (dalawampu't dalawang (22) beses)
Ⅱ　Septyembre/21 hanggang Disyembre/7
　¥ 11,500 (dalawampu't tatlong (23) beses)
Ⅲ　Enero/11 hanggang Marso/17
　¥ 8,500 (labingwalong (17) beses)

Tumawag o magsadya sa:

***Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki*** **TEL：044-435-7000　FAX：044-435-7010**

**e-mail: kiankawasaki@kian.or.jp　http://www.kian.or.jp/**

Inilathala ng Asosasyong Pandaidig ng Siyudad ng Kawasaki
2-2 Kizuki Gion Cho,　Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033　Kawasaki International Center
Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/